DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
94457
MAY 30 2023
☐ INCOMING ☐ OUTGOING LD
BY: ______ LDATS NO. ______
TIME:

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
Bayan ng Bulalacao
Barangay Poblacion
Sitio Tabuk

Ika-30 ng Mayo,2023

**KGG.LORMELYN E. CLAUDIO,*CESO IV***
Regional Executive Director
Department of Environment and Natural Resources
MiMaRoPa Region
DENR By the Bay Bldg.
1515 Roxas Blvd., Ermita, Manila

**Minamahal naming Director Claudio,**

Isang mapagpalang araw po sa inyo.
Nais ko pong magpasalamat po sa inyo at kami po ay inyong mapagbigyan na makakuha ng hinihingi po naming kopya ng Resolusyon ( August 9,1993) kaugnay ng DENR IV Case No. 5445 sangkot ang Lot 478 at 479 Pls-395-D na matatagpuan sa Barangay Cambunang,Bulalacao,Oriental Mindoro at kopya po ng Resolution sa pamamagitan ng Memorandum ( December 13,2017) at naipadala nyo po sa PENRO Oriental Mindoro noong ika-6 ng Pebrero,2018.

Nais ko rin pong ipabatid sa inyo na hindi po kami nakakuha ng nasabing kopya sa PENRO kung kaya't minarapat po namin na muling sumulat po sa inyo at dito na lamang po kami kukuha ng nasabing kopya sa DENR Regional Office.

Kalakip po ang inyong sagot sa aking liham noong ika-18 ng Setyembre,2022.
Umaasa po ako na ang aming kahilingan ay inyong mapagbigyan.
Maraming salamat po.
Mabuhay po kayo!!!!!

Lubos na gumagalang,

Marianne Arlene Samson Bodegas
AIF/MPL Provincial Coordinator
Sitio Tabuk,Poblacion,Bulalacao
Oriental Mindoro
Cp#09454456722
Email Add: arlenesamson1104@gmail.com

NOV 03 2022

**BB. MARIANNE ARLENE S. BODEGAS**
Magsasaka Party List – Provincial Coordinator
Sitio Tabuk, Poblacion
Bulalacao, Oriental Mindoro
*<arlenesamson1104@gmail.com>*

Binibining Bodegas,

Isang makakalikasang araw!

Ito po ay tugon sa inyong sulat na may petsang Setyembre 12, 2022 at email na may petsang September 18, 2022 patungkol sa inyong *request* para sa kopya ng *Resolution* na may petsang August 9, 1993 kaugnay ng DENR IV Case No. 5445[1] sangkot ang *Lot Nos.* 478 at 479, Pls-395-D na matatagpuan sa Barangay Cambunang, Bulalacao, Oriental Mindoro.

Nais po naming ipabatid sainyo na ang buong *records* ng kaso ay naibaba na sa PENRO Oriental Mindoro/CENRO Roxas, Oriental Mindoro para sa implementasyon ng nasabing *Resolution* sa pamamagitan ng *Memorandum* na may petsang December 13, 2017 at ito ay naipadala noong February 6, 2018 sa tulong ng *registered mail*.

Maaari po kayong magtungo sa tanggapan ng PENRO Oriental Mindoro (Sitio II, Ilang-ilang St., Barangay Suqui, Calapan City) at/o ng CENRO Roxas, Oriental Mindoro (Purok Camia II, Barangay San Mariano, Roxas, Oriental Mindoro) upang ilapit ang inyong *request*. Mangyari po lamang na magdala ng kinakailangang *Special Power of Attorney (SPA)* at ng mga dokumentong may kinalaman sa kaso.

Nais din po naming ipaalala na ang paghingi ng *certified true copy* ng mga opisyal na dokumento mula sa aming tanggapan ay may kaukulang bayad sang-ayon sa *DENR Administrative Order (DAO) No.* 2000-16 na nagsasaad ng *Rates of Fees for Certain Administrative Services Rendered.*

Umaasa ang aming tanggapan na naliwanagan kayo patungkol sa inyong *request*.

Lubos na gumagalang,

**LORMELYN E. CLAUDIO**, *CESO IV*
Regional Executive Director

*Binigyang sipi:*

*PENRO Oriental Mindoro*

*CENRO Roxas, Oriental Mindoro*

Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Doc ID 94457

[1] DENR IV Case No. 5445 entitled *"I.G.P.S.A. No. 1604 and 1605 Pedro Solis (Deceased), now his Heirs, represented by Pancho A. Solis, Claimants-Protestants, vs. Sangguniang Barangay of Cambunang, Bulalacao, Oriental Mindoro, represented by Renato De Guzman, Claimant-Protestant, vs. F.P.A. No. (III-12) 106 Aquilino De Leon, Applicant-Respondent, and Pablo Baculinao, Jr. (Deceased) now his Heirs, represented by Elmo Baculinao, Applicants-Respondents"*

ARD–MS/LD